# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 11*

***"1 Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay. 2 Sa araw-araw ay nagbabadya ng pananalita, at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman. 3 Walang pananalita o wika man; ang kanilang tinig ay hindi marinig. 4 Ang kanilang pangungusap ay lumaganap sa buong lupa, at ang kanilang mga salita ay hanggang sa wakas ng sanglibutan. Sa kanila inilagay niya ang tabernakulo na ukol sa araw, 5 Na gaya ng kasintahang lalake na lumalabas mula sa kaniyang silid. At nagagalak na gaya ng malakas na tao na tatakbo ng kaniyang takbo. 6 Ang kaniyang labasan ay mula sa wakas ng mga langit, at ang kaniyang ligid ay sa mga wakas niyaon: at walang bagay na nakukubli sa pagiinit niyaon. 7 Ang kautusan ng PANGINOON ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa: ang patotoo ng PANGINOON ay tunay, na nagpapapantas sa hangal. 8 Ang mga tuntunin ng PANGINOON ay matuwid, na nagpapagalak sa puso: ang utos ng PANGINOON ay dalisay, na nagpapaliwanag ng mga mata. 9 Ang takot sa PANGINOON ay malinis, na nananatili magpakailan man: ang mga kahatulan ng PANGINOON ay katotohanan, at lubos na matuwid. 10 Mga pinipitang higit kay sa ginto, oo, higit kay sa maraming dalisay na ginto: lalong mainam kay sa pulot, at sa pulot-pukyutan. 11 Higit dito'y sa pamamagitan ng mga iyo'y mapagpapaunahan ang iyong lingkod: sa pagiingat ng mga yaon ay may dakilang ganting-pala. 12 Sinong makasisiyasat ng kaniyang mga kamalian? Paliwanagan mo ako sa mga kubling kamalian. 13 Italikod mo rin ang iyong lingkod sa mga kapalaluang sala: huwag mong papagtaglayin ang mga yaon ng kapangyarihan sa akin: kung magkagayo'y magiging matuwid ako, at magiging malinis ako sa malaking pagsalangsang. 14 Maging kalugodlugod nawa ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa iyong paningin, Oh PANGINOON, na aking malaking bato, at aking manunubos." (Awit 19:1-14 KJV)***

Ang Dios ay sinalita at ipinangangaral ang Kanyang Salita at Kanyang mga utos sa pamamagitan ng Salita ng Dios na inilagay Niya sa Bibliya. Ginagamit Niya ang mga kalalakihan at kababaihan na inilaan ang kanilang buhay upang paglingkuran ang Dios na pumaroon at ipangaral ang Kanyang Salita at makaabot ito hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Tayo sa parehong paraan kailangan nating ilaan ang ating sarili na ipamuhay ang ating buhay upang paglingkuran ang Dios at dalhin ang Kanyang Salita sa mga taong nakapalibot sa atin at sa mga nasa ilalim ng ating pangangalaga.

Ipinahayag din ng Dios at sinasalita sa Kanyang Salita sa pamamagitan ng ibang paraan, sa paggamit ng likas na mga bagay upang ipahayag ang mensahe at ituro ang presensya ng buhay na Dios na higit pa sa nakikita ng tao sa sansinukob. Binanggit ni Pablo ang sumusunod tungkol sa Dios nang ipangaral niya ang evangelio sa mga tao sa Listra:
***"17 At gayon man ay hindi nagpabayang di nagbigay patotoo, tungkol sa kaniyang sarili, na gumawa ng mabuti at nagbigay sa inyo ng ulang galing sa langit at ng mga panahong sagana, na pinupuno ang inyong mga puso ng pagkain at ng katuwaan." (Mga Gawa 14:17 KJV)*** Ang sinabi ni Pablo dito tungkol sa Dios na sinasaksihan Niya at ipinatotoo ang tungkol sa Kanyang sarili sa paggawa ng mabubuting bagay, sa lahat ng mga taong nilikha Niya. Nagbibigay Siya ng ulan at mabungang panahon ng mga bunga at ani ng mga pananim na pumupuno sa ating puso ng kagalakan habang tayo ay napupuno ng masarap na pagkain. Kaya sa pamamagitan ng kalikasan at kung ano ang ginagawa ng Dios sa kalikasan Siya ay nakikipag usap sa atin, at nakikipag ugnayan sa ating buhay sa pamamagitan ng iba't ibang mga bagay na ginagawa Niya sa kalikasan, upang ituon ang ating mga saloobin at pansin sa Kanya upang makilala Siya, upang kilalanin Siya at upang ipagkatiwala ang ating buhay sa Kanya at simulan ang paglilingkod sa Kanya.

***"1 Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay." (Awit 19:2)*** Ang kalangitan at ang nakikita sa kalawakan sa Langit ay nagtataglay ng isang mensahe na mayroong isang buhay na Dios na lumikha ng lahat ng bagay. Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios at ang Kanyang kapamahalaan ay sa lahat ng kamangha manghang bagay na Kanyang nilikha sa Kanyang kamay. Imposible na sa tao na kapag siya'y tumingin sa kalangitan at makita ang mga bituin, ang araw at ang buwan, imposibleng hindi siya mamangha sa paningin, at imposibleng hindi siya magtaka tungkol sa banal na kalikasan at tungkol sa presensya ng Dios sa likod ng lahat ng iyon.

Pagmasdan din dito na ang manunulat ng Awit 19 na ito ay sinulat ang mga Langit at hindi iisang Langit; Nagsalita si Solomon sa Langit ng mga Langit na hindi naglalaman ng Dios, ***"27 Nguni't katotohanan bang tatahan ang Dios sa lupa? Narito, sa langit at sa langit ng mga langit ay hindi ka magkasiya; gaano pa sa bahay na ito na aking itinayo!" (1 Hari 8:27 KJV)*** Kaya may mga Langit at hindi iisang Langit. Sa Bagong Tipan sinalita ni Pablo ang tungkol sa ikatlong Langit, ang paraiso ng Dios gaya ng ating mababasa rito. ***"1 Kinakailangang ako'y magmapuri, bagaman ito'y hindi nararapat; nguni't aking sasaysayin ang mga pangitain ko at mga pahayag ng Panginoon. 2 Nakikilala ko ang isang lalake kay Cristo, na mayroong nang labingapat na taon (maging sa katawan, aywan ko; o maging sa labas ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaaalam) na inagaw hanggang sa ikatlong langit. 3 At nakikilala ko ang taong iyan (maging sa katawan,***

***o sa labas ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaaalam), 4 Na kung paanong siya'y inagaw sa Paraiso, at nakarinig ng mga salitang di masayod na hindi nararapat salitain ng tao." (2 Corinto 12:1-4 KJV)*** Kaya nang sinulat niya ang ikatlong Langit ibig sabihin mayroong una at ikalawang Langit. Kaya dito kapag ang tao ay tumingala sa Langit, makakatagpo niya ang kaluwalhatian at kamahalaan ng Dios at maging ng Kanyang kapangyarihan sa kaligtasan ng uri ng tao gaya ng siya ay may kamalayan sa paraiso ng Dios. Ang Paraiso ay ang lugar na inihanda ng Dios para sa atin upang mabuhay kasama Niya magpakailanman.

***"2 Sa araw-araw ay nagbabadya ng pananalita, at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman." (Awit 19:2 KJV)*** Ang paningin ng Langit ay nagsasalita sa araw-araw at tuwing gabi. Upang pagmasdan ang pagdaan at pagdating ng isang araw at gabi sa pagkakasunod sunod at sa pagpapanatili, patuloy niyang tatanggapin ang mensahe ng pagibig ng Dios at patuloy na makukuha ang kaalaman na nagdudulot ng pagpapalago ng kanyang pananampalataya. Kung pagninilayan mo ang Langit sa araw-aaraw makikita mo ang kadakilaan ng Dios, at yaon ang magdagdag ng iyong pananampalataya sa Kanya.

***"3 Walang pananalita o wika man; ang kanilang tinig ay hindi marinig." (Awit 19:3 KJV)*** Yaon ang wika ng mga Langit, na nagsasalita tungkol sa dakilang gawa ng Dios sa Kanyang nilikha, at iyon ang mensahe na malayo ang narating at naabot ang lahat ng mga tao sa iba't ibang dako at sa iba't ibang mga wika. Ang mensahe ng mga Langit ay hindi tahimik ngunit ito ay naririnig at nauunawaang mabuti sa bawat tao. Oo ang Bibliya ay kinailangan maisalin sa lahat ng mga wika, ngunit ang mga Langit ay patuloy pa ring ipinaparangal ang evangelio sa lahat ng sangkatauhan, araw at gabi at sa lahat ng kanilang mga wika at sa kanilang iba't ibang kultura. Kaya habang ating pinagmamadan ang Langit at kung anong ginagawa ng Dios sa araw-araw sa kalikasan sa paligid natin, hayaan natin ang ating pananampalataya ay madagdagan at higit pa tayong magtiwala sa Kanya at mamuhay sa pagsunod sa Kanya.

***"4 Ang kanilang pangungusap ay lumaganap sa buong lupa, at ang kanilang mga salita ay hanggang sa wakas ng sanglibutan. Sa kanila inilagay niya ang tabernakulo na ukol sa araw," (Awit 19:4 KJV)*** Ang mensahe ng mga Langit ay patuloy at inaabot ang lahat ng mga dako sa lupa; ang mensahe ng Dios ay tinakpan ang lahat ng patayo at pahalang na linya ng sanglibutan. Itinayo ng Dios ang bahay para sa araw sa Langit. Sa gayon ang isa na titingin sa mga Langit, ang araw ay kukunin bilang isang bagay na iyon ang tungkulin at hindi mawawala. Ang katulad sa saloobin ng Dios at sa Kanyang tunay na presensya sa likod ng lahat ng nilikha; gaya ng katotohanan, ang Dios bilang Tagapaglikha ay hindi maaring balewalain o isantabi.

***"5 Na gaya ng lalaking ikakasal na lumalabas mula sa kaniyang silid. At nagagalak na gaya ng malakas na tao na tatakbo ng kaniyang takbo." (Awit 19:5 KJV)*** Ang araw dito ay isinasaalang alang bilang lalaking ikakasal. At ang sallobin ng lalaking ikakasal ay ang lahat ay naghahanap, tututok at mag aabang para sa kanya. Si Jesus ang ating lalaking ikakasal, at tayo ang Kanyang simbahan, tayo ay umaasa sa Kanya, naghihintay sa Kanyang pagdating at dalhin tayo upang makasama Siya at magpakailanman. Sa pagsasabi ni Juan Bautista tungkol kay Jesus, sinabi Niya ang tungkol sa Kanya na Siya ang lalaking ikakasal na si Juan ay malugod na marinig ang Kanyang tinig habang sinasabi Niya, ***"28 Kayo man ay magsisisaksi sa akin, na aking sinabi, Hindi ako ang Cristo, kundi, na ako'y sinugo sa unahan niya. 29 Ang nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang kasintahang lalake: datapuwa't ang kaibigan ng kasintahang lalake, na nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay nagagalak na lubos dahil sa tinig ng lalaking ikakasal: ito ngang aking kaligayahan ay naganap." (Juan 3:28-29 KJV)***

***** Kapag sinabi ang tungkol sa araw: ***"nagagalak na gaya ng malakas na tao na tatakbo ng kaniyang takbo."*** Iyon ay ituturing na aral sa atin na bawat umaga kapag ikaw ay gumising mula sa pagtulog ay nangangahulugang isang bagong araw, isang paglalakbay at pagkakataon na mamuhay para sa Dios at paglingkuran Siya; na mayroon tayong gawain upang gawin at matupad. Dapat tayong gumising nang masaya, nagagalak at tinatanggap na mayroon tayong gawain para sa araw na iyon na kailangan nating makamit tulad ng araw. Ang araw ***"nagagalak na gaya ng malakas na tao na tatakbo ng kaniyang takbo"***, kaya kailangan nating maging malusog sa Espiritu na sumulong na may matatag na pananampalataya upang paglingkuran ang Panginoon araw-araw at sa bawat umaga.

***"6 Ang kaniyang labasan ay mula sa wakas ng mga langit, at ang kaniyang ligid ay sa mga wakas niyaon: at walang bagay na nakukubli sa pagiinit niyaon." (Awit 19:6 KJV)*** * Habang ang araw ay lumilipas mula sa isang dulo ng mundo, at masigasig, unti-unting lumampas sa bawat segundo, minuto at oras hanggang sa makarating sa kabilang dulo at sa oras; Pagkatapos ay natututuhan natin na kailangan nating maging masigasig, matiyaga sa pagsasakatuparan ng mga natatanging atas na inilalaan para sa atin upang makamit sa araw na iyon hanggang sa katapusan ng araw. * Matutunan natin mula sa halimbawa ng araw na ang ating buhay ay may layunin at maging sa ating pang araw-araw na takbo sa trabaho ay mabunga at maglilingkod sa layunin ng Dios sa ating buhay hanggat ipinangako natin ang ating buhay na mamuhay sa sentro ng Kanyang kalooban. Matutunan natin mula sa halimbawa ng araw ay hindi maging tamad, at ipapaliban kung anong dapat nating gawin. * Matutunan din natin na habang tumatakbo ang araw sa isang maayos na daan, tayo rin, itinalaga ng

Diyos para sa atin ang isang landas, isang sitwasyon, at isang paraan na hindi natin mababago at magagawa ang mga bagay sa sarili natin.

Idagdag pa sa mga nabanggit na punto kung paano ang paraan ng pag abot ng Diyos sa bawat uri ng tao at pagsasalita sa isa at sa bawat isa tungkol sa Kanyang presensya sa kanyang buhay, na ang Panginoon ay nagsasalita nang higit pa at sa bawat tao at binibigyang diin ang Kanyang mensahe sa atin sa pamamagitan ng Kanyang nakasulat na Salita sa Biblia.

***"7 Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa: ang patotoo ng Panginoon ay tunay, na nagpapapantas sa hangal." (Awit 19:9 KJV)*** Ang Salita ng Dios sa Bibliya at ang Bibliya bilang aklat ay natatanging magagamit na aklat na kayang baguhin at magpabago sa buhay ng mga tao dahil ang Biblia ay ang Salita ng Dios, Habang binabasa mo ang iyong Bibliya ay higit mong nakikilala ang Dios at lumapit sa Kanya makikita mo ang Kanyang Salita ay sakdal, wala itong kapintasan, at ang Biblia mula sa pabalat hanggang sa dulo ay ang kumpleto at sapat na patotoo ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay isang hamon sa iyo na magbago at magbagong anyo, at iyon ang ibig sabihin dito ng ***"na nagsasauli ng kaluluwa:"***

***"8 Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid, na nagpapagalak sa puso: ang utos ng Panginoon ay dalisay, na nagpapaliwanag ng mga mata." (Awit 19:8 KJV)*** Sa mga nasisiyahan na sundin ang Panginoon makikita nila na ang Kanyang mga tuntunin at mga utos, ang nais ng Dios na gawin natin, ay matuwid at nagdudulot ng kagalakan sa kanilang buhay at sila'y maliwanagan sa Kanyang alisay na Salita. Ang Salita ng Dios ay magbibigay sa iyo ng kagalakan at liliwanagan ang iyong isipan at ipapakita sa iyo ang daan na dapat mong tahakin at ipamuhay.

***"9 Ang takot sa Panginoon ay malinis, na nananatili magpakailan man: ang mga kahatulan ng Panginoon ay katotohanan, at lubos na matuwid." (Awit 19:9 KJV)*** Ang mga kabilang sa atin na kumikilos sa inilarawan na paraan, sila'y lalapit pa sa Dios sa pagkatakot sa Kanya. Ang pagkatakot sa Dios ay makikita sa buhay ng mga alagad ni Jesus nang ang Dios ang naging pokus at sentro ng kanilang buhay, saloobin, pagkilos at layunin, Ang mga alagad na iyon ay magiging masigasig sila na palaging kunin ang tamang pasya at maging sentro ng Kanyang kalooban.

Ang kahatulan ng Dios ay ang kaparusahan ng Dios sa mga naligaw mula sa Kanyang mga tuntunin at mga utos, at ang gantimpala ng Dios sa mga nag iingat ng Kanyang mga tuntunin at utos. Kaya para sa mga alagad na determinadong sundin ang Dios at lumakad sa pagkatakot sa Dios, ang kanilang buhay ay makikita ang mga sumusunod:

***A. "10 Mga pinipitang higit kay sa ginto, oo, higit kay sa maraming dalisay na ginto: lalong mainam kay sa pulot, at sa pulot-pukyutan." (Awit 19:10 KJV)*** Napagtanto nila ang katotohanan ng paghatol ng Dios, at sisimulang hangarin ito ng higit maging kasya sa material na mga bagay sa sanglibutan; maging higit sa dalisay na ginto; at ito ay magiging mas matamis kaysa sa pulot-pukyutan at masisiyahan sa mga ito. Bakit para sa atin, ang paghatol ng Dios ay magiging mas mainam kaysa dalisay na ginto at mas matamis kaysa sa pulot-pukyutan? Dahil sa sumusunod na dahilan:

***B. "11 Higit dito'y sa pamamagitan ng mga iyo'y mapagpapaunahan ang iyong lingkod: sa pagiingat ng mga yaon ay may dakilang ganting-pala." (Awit 19:11 KJV)*** Sa kahatulan ng Dios magkakaroon tayo ng babala. Kaya sa bawat pagkakataon na tayo'y nagbabasa ng Bibliya makukuha natin ang babala mula sa Salita ng Dios at lubos nating malalaman na sa pagsunod sa mga ito ay tatanggap tayo ng mga gantimpala. Ang mga natatakot sa Dios makikita mo silang iniingatan ang Salita ng Dios nang buhay sa kanilang buhay sa anumang mga pangyayari, panggigipit, pagsubok, o panguusig, at kaya bilang mga bunga niyon ay makikita mo silang ginantimpalaan. Kaya ating kupkupin ang paraan ng buhay na matakot sa Dios, upang isaalang alang ang Kanyang paghatol para iwasan ang kaparusahan ng Dios, at sa halip ay tanggapin ang Kanyang gantimpala at ang Kanyang mga biyaya maging sa panahon ng mga pagsubok at pag uusig.

***C. "12 Sinong makasisiyasat ng kaniyang mga kamalian? Paliwanagan mo ako sa mga kubling kamalian." (Awit 19:12 KJV)*** Sila na nangangatakot sa Dios ay mapagkumbaba at inaamin ang kanilang mga kasalanan at madaling maituwid. Aaminin nila na baka magkamali sila o gumawa ng mali at handa silang malinis mula sa kanilang mga lihim na pagkakamali na hindi namamalayan kapag nalantad na ito sa kanila. Hangad nilang mamuhay sa kabanalan at hindi nila iingatan ang mga kasalanan upang magpatuloy sa kanilang buhay. Sa gayon patuloy tayong matakot sa Dios, magpakumbaba at handang maituwid anumang ang ating mga kamalian ay ilantad sa atin.

***D. "13 Italikod mo rin ang iyong lingkod sa mga kapalaluang sala: huwag mong papagtaglayin ang mga yaon ng kapangyarihan sa akin: kung magkagayo'y magiging matuwid ako, at magiging malinis ako sa malaking pagsalangsang." (Awit 19:13 KJV)*** Sila na nangangatakot sa Dios ay magbibigay sa Dios ng buong

pagpipigil sa kanilang sarili at ang laman ay hindi magkakaroon ng pagpipigil sa buong buhay nila. Ang mga nangangatakot sa Dios, maririnig nila ang Banal na Espiritu at mahahatulan ng Kanyang Salita at tatalikuran ang kanilang mga kasalanan. Kukunin nila ang mga babala at hindi bibigyan ng pagkakataon ang anumang kasalanan na magkontrol sa kanila. Ipapanalangin pa nila sa Dios na huwag silang hayaan sa anumang paraan na mahulog sa kasalanan at tukso. Kaya patuloy tayong matakot sa Dios at magpakumbaba at ibigay sa kanya ang pangunguna upang itama tayo, manalangin sa Kanya na linisin tayo mula sa ating mga kasalanan na alam natin ang mga ito, at upang iligtas tayo mula sa gayong mga kasalanan, upang hindi sila magkaroon ng kapangyarihan sa atin, upang patuloy tayong mamuhay sa katuwiran at malinis mula sa mga kasalanan.

***E. "14 Maging kalugodlugod nawa ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa iyong paningin, Oh Panginoon, na aking malaking bato, at aking manunubos." (Awit 19:1-14 KJV)*** Sa mga nangangatakot sa Dios hindi lamang hahayaan nila ang Dios, ang Banal na Espiritu na kumilos sa kanila upang linisin sila mula sa kasalanan, kundi sila'y makikipagtulungan sa Dios hanggang sa punto na hahayaan Siya na linisin sila mula sa kanilang masasamang kaisipan at panatilihin ang kanilang puso at isipan na malinis sa harapan Niya upang ang mga salita ng kanilang bibig ay maging dalisay, at batid na Siya ang tanging makakapagligtas sa kanila, sa pagbibigay sa kanila ng walang hanggang buhay, at ang kanilang kalakasan ay mula sa Kanya. Kaya sa parehong paraan hayaan natin ang Dios hindi lamang upang linisin tayo mula sa mga kasalanan kundi maging hayaan Siya na siyasatin ang ating mga puso at isip at linisin tayo upang ating isipan at ang salita ng ating mga bibig ay maging kalugod lugod sa Kanya, sapagkat Siya ang ating manunubos, at ang ating kaligtasan, at ang ating kalakasan ay nagmumula sa Kanya.

Sinabi ni Jesus tungkol sa puso, ay ang organo na nagpaparumi sa tao gaya ng sinalita Niya ang sumusunod sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon, ***"17 Hindi pa baga ninyo nalalaman, na ang anomang pumapasok sa bibig ay tumutuloy sa tiyan, at inilalabas sa daanan ng dumi? 18 Datapuwa't ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao. 19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong: 20 Ito ang mga bagay na nangakakahawa sa tao; datapuwa't ang kumaing hindi maghugas ng mga kamay ay hindi makakahawa sa tao." (Mateo 15:17-20 KJV)*** Walang bagay mula sa labas ang magpaparumi sa tao, kundi ang masasamang kaisipan na magmumula sa puso, na nagpaparumi sa tao, at mula sa mga ganoon kailangan nating linisin ang ating sarili. Kaya't pigilin natin ang ating mga dila at, ***"29 Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig." (Epeso 4:29 KJV)***

Sinalita ni Pablo ang tungkol sa kung anong uri ng mabubuting saloobin na mayroon ang ating isip, ***"8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." (Filipos 4:8 KJV)*** Ang ating saloobin ay nagkikipag usap na salita patungo sa Dios, kaya kung dinadala natin ang masamang saloobin sa gayon tila tayo'y nagsasalita ng masama sa Dios. Ngunit kapag tayo'y nagiisip kung ano ang totoo, tapat, matuwid, dalisay, kaibig ibig, mabuti, mga bagay na matuwid, ang papuri sa karapat dapat na mga bagay; ang ganoong paraan ng pag iisip ay kalulugod lugod sa Dios.

***Sa aking mahal at minamhal:*** Dalangin ko na ang Salitang ito ng Dios ay nakatulong sa iyo na mabatid kung gaano ka iniibig ng Dios at kung paano Siya kumikilos upang ipahayag ang Kanyang sarili sa iyo sa pamamagitan ng ginagawa Niya sa kalikasang nakapaligid sa iyo at sa pag-abot sa iyo sa kung anong ginagawa Niya, at sa Kanyang Salita, aral at mga pangako. Dalangin ko na ang mensahe na ibinigay sa iyo ay malinaw na daan kung paanong madagdagan ang iyong pananampalataya sa Dios at kung paanong sa huli'y lumakad ka sa pagkatakot sa Kanya.

Ang oras ay dumating na upang magpakumbaba at handang isuko ang iyong buhay at iyong kalooban sa Kanya, Ang panahon ay dumating na upang buksan mo ang iyong puso kay Jesus, upang manampalataya sa Kanya, at hayaan Siya na maging Panginoon sa buong buhay mo; na siya lang ang tanging papatnubay sa iyo sa daan na kailangan mong puntahan at sa plano na itinakda Niya para sa iyo upang daanan mo. Ang panahon ay dumating upang ipangako ang buhay mo na mamuhay para sa Kanya at maglingkod sa Kanya.

Tayo ay manalangin…

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita niliwanagan ang aking isipan at itinuwid ako sa daan na kailangan kong pagdaanan.*

*Talikdan ang iyong mga kasalanan at ang lahat ng iyong maling gawain. Talikdan ang iyong pagmamalaki, paggawa ng iyong sariling kagustuhan, ang iyong pagkamakasarili, ang iyong katamaran, ang iyong masamang saloobin, ang iyong galit at masamang pagsasalita, ang iyong kawalan ng pagbabasa ng Bibliya, ang kakulangan ng pangako at ang iyong kakulangan ng pagtitiis sa gawain at sa pagtakbo na itinakda ng Dios sa iyo upang tapusin. Panginoon patawarin mo ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________________.*

*Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na magsimulang lumakad ayon sa iyong Salita at sa daan na iyong binalangkas sa akin habang aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, pagtitiis, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili at kababaang loob, sa gayo'y makita ng mga tao si Cristo sa aking buhay.*

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, at handang bumalik sa iyo. Panginoon itaas sila ng iyong biyaya, bigyan sila ng kalakasan at ibigay ang kanilang pangangailangan upang sila'y magpatuloy na maglingkod sa iyo at ipamuhay ang kanilang buhay sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at itaas kami ng iyong biyaya at awa. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon bigyang daan kaming abutin ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at simulang turuan sila ng iyong Salita. Panginoon pangunahan kami na gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 11. Awit 19:1-14. Mga Gawa 14:17. 1 Mga Hari 8:27. 2 Corinto 12:1-14. Juan 3:28-29. Mateo 15:17-20. Epeso 4:29. Filipos 4:8.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com